

## Ang Pilosopiya at Pamimilosopiya ni Roque J. Ferriols, S.J.: Tungo sa Isang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino

---

*Emmanuel C. De Leon*

**Abstract:** This paper is a presentation of the fundamental tenets of Roque Ferriols' philosophical enterprise. The first part of the essay presents and analyzes Ferriols' primary texts using the taxonomies suggested by F.P.A. Demeterio in order to report the basic discourses of the said Filipino philosopher. The next part of the paper inquires concerning the philosophical project of Ferriols. Centered on the idea of recognition and becoming immersed in social realities, this essay suggests that Ferriols' act of elevating the status of Filipino language into an epistemological concept is consistent to his philosophical task of awakening his readers to the realm of Being. Similar to a Socratic irony, Ferriols puts premium on the ontological importance of *creative ignorance*, which is only possible through what he dubbed as *danas-masid-kilatis*. With that in mind, this preliminary work on Ferriols opines that there is a gold mine in the philosophy of Ferriols that can be used as a starting point for a critical Filipino philosophy. In the last part of the paper, some reflections and recommendations for future venture on Ferriols' philosophy can be found.


**Keywords:** Ferriols, philosophizing in the Philippines, critical Filipino philosophy, *pagpapakatao*

### Panimula

**M**atindi ang hamon ng pamimilosopiya sa Pilipinas. Bukod sa marubdub pa ring pinagtatalunan kung mayroon nga bang matatawag na Pilosopiyang Filipino, malinaw na hindi rin nagkakaisa ang mga may hilig sa nasabing usapin pagdating sa kanilang mga pamamaraan. Sinabi nga ni Roland Theuas Pada, isa sa mga pursigido at papausbong na Pilipinong Pilosopo sa Unibersidad ng Santo Tomas, "The notion of what is Filipino is difficult to unify particularly if one is intending to look at ideological and ontological bases for a 'universal' definition of

Filipino.”<sup>1</sup> Mistulang sinasabi ni Pada na problemado na nga ang terminolohiyang “Filipino,” paano pa kaya ang usapin tungkol sa pilosopiyang matatawag na “Filipino”? Dahil sa kontekstong ito, minumungkahi niyang mas pagtuunan ng pansin ang “pamimilosopiya sa Pilipinas” sa halip na magwaldas ng oras sa paghahanap ng uring pilosopiya na masasabing talagang “singaw” o purong-purong sa atin.

Sa ilang mga artikulo naman ni F.P.A. Demeterio, maingat niyang binalangkas ang limang anyo ng Pilosopiyang Filipino upang maipakita ang kasalukuyang estado nito at upang magpresenta ng ilang mahahalagang hamon. Limang “kalipunan ng mga kaalaman” ang kanyang nabanggit sa artikulo: 1) Filipino Thomism, 2) Critical Filipino Philosophy, 3) exposition of Western philosophical theories, 4) the interpretation of Filipino identity, at 5) the interpretation of the contributions of the Filipino intellectuals.



**Hugis 1:** Ang Pag-usbong ng Limang Anyo ng Pilosopiyang Filipino

(Hango ang ilustrasyong ito sa artikulo ni F.P.A. Demeterio na “Ang Kallipolis at ang Ating Kasalukuyang Lipunan.” Naunang ginamit ang ilustrasyong ito sa kanya ring artikulong “Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Rizal: Rethinking the Trajectory of Filipino Thomism.”)

Sa pagtataya ni Demeterio, ang Tomasinong Pilipino (tingnan ang ilustrasyon sa itaas) ang pinakauna sa mga kalipunan. Dala ng mga misyonero at mananakop na Kastila noong ika-17 siglo, ang Tomasinong pilosopiya ay ginamit sa mga seminaryo upang hubugin ang intelektuwal at ispirituwal na aspekto ng pagkatao ng mga nagnanais maging pari. Ang kritikal na pilosopiyang Pilipino (numero 2 sa ilustrasyon) naman, sang-ayon sa pag-aaral ni Demeterio, ay umusbong noong ika-19 na siglo sa mga damdamin at sinulat ng mga propagandista at lumawig pa rin noong 1960’s

<sup>1</sup> Roland Theuas DS. Pada, “The Methodological Problems of Filipino Philosophy,” in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 8:1 (2014), 28, <[http://www.kritike.org/journal/issue\\_14/pada\\_june2014.pdf](http://www.kritike.org/journal/issue_14/pada_june2014.pdf)>.

dahil sa paglaganap ng impluwensiyang Marxista sa Pilipinas. Sa pagdating naman ng mga Pilipinong iskolar na ipinadala ng gobyernong Amerikano sa iba't ibang bansa upang mag-aral ng iba't iba ring sistema ng pilosopiya, nagsimula ang eksposisyon ng Kanluraning pilosopiya dito sa Pilipinas (numero 3 sa ilustrasyon). Samantalang ang ekplorasyon naman sa matatawag na katutubong pilosopiyang Pilipino (numero 4 sa ilustrasyon) ay nagsimula noong dekada '70 at '80. Masasabing ito ang may pinakamaraming publikasyon sa larangan ng Pilosopiyang Filipino. Ang interpretasyon at paghahanap ng kontribusyon ng mga Pilipinong intelektuwal (numero 5 sa ilustrasyon) ang masasabing pinakabata sa mga kalipunang nabanggit ni Demeterio. Naging sanga ito ng mga ginawang eksposisyon at ekplorasyon ng mga dalubhasa at dalubgurong Pilipino. Dahil pinakabata at papausbong pa rin lamang, masasabing kaunti pa rin lamang ang nagtrabaho sa larangang ito.

Ngayon, nasa ika-limang kalipunan ang ninanais pag-ambagan ng kasalukuyang papel. Panahon na siguro upang pag-usapan naman natin ang mga Pilipinong namilosopiya. Sa mga ginalugad kong libro ng mga Pilipino, maging sa mga akademikong artikulo, hanggang sa mga tesis at desertasyon sa mga unibersidad, namamayani pa rin ang eksposisyon at aplikasyon ng mga banyagang pilosopo. Hindi natin masyadong pinag-uusapan sa nibel na akademiko ang mga pilosopong sariling atin. Hindi naman natin iminumungkahi na maging sarado sa pilosopiyang galing sa labas. Sa halip, dapat lamang nating kilalanin na hinog na at marami na rin tayong mapipitas sa mga bungang-isip ng mga nauna sa atin na gumalugad sa larangang Pilipino. Hindi baog ang sinulat ng mga nauna sa atin. At hindi siguro pag-aaksaya ng oras kung titingnan na natin ang kanilang mga tiningnan.

May kahirapan ang ginawang ekplorasyon sa mga kaisipan ni Roque Ferriols. Paano mo tatalakayin ang isang pilosopong nagsabing "Hindi ako *brand*. Tao ako."? Maging siya mismo ay hindi naglalagay ng mga pader-na-hangganang sa kanyang mga konsepto. Kaya maingat na pakikisabay at malikhaing pag-uulit (creative repetition) sa mga pagmumuni-muni ni Ferriols ang ginamit na diskarte ng papel na ito.

Hindi natin kayang isiksik sa isang papel ang lahat ukol sa pamimilosopiya ni Ferriols. Kaya, gaya ng sinabi niya, "may kinukuha, may iniwan [muna]." Nakatuon lamang ang ating kasalukuyang atensyon sa mga sumusunod na usapin: 1) ang mga primaryang batis kay Ferriols, 2) proyektong pilosopikal ni Ferriols, 3) wika bilang potensyal, 4) danas-masid-kilatis bilang pamamaraang pilosopikal, 5) ang pagkabukas at mapaglikhang katangahan, 6) tunggalian ng magkakaibang katuwiran bilang *techne* ng pagpapakatao, at 7) ilang mahahalagang puntos sa pilosopiya at pamimilosopiya ni Ferriols.

## Ang mga Primarya Batis kay Ferriols

Uumpisahan natin ang pagtalakay sa pilosopiya at pamimilosopiya ni Ferriols sa pamamagitan ng paglilista ng mga naisulat niya na maaari nating pagbatayan ng ating kasalukuyang pagdalumat. Ang ating listahan ay batay sa pinakahuling pagtitipon at paglilista na ginawa nina Roy Allan B. Tolentino, et al., na may pamagat na “An Annotated Bibliography of Roque J. Ferriols, S.J.” Makikita ang listahan sa ibaba:


<b>PANAYAM</b>
1. Interview by Leovino Ma. Garcia. In <i>University Traditions: The Humanities Interviews</i> , ed. Ramon Sunico, 169-199. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2005.
<b>MGA LIBRO</b>
1. <i>The “Psychic Entity” in Aurobindo’s The Life Divine</i> . Quezon City: Ateneo de Manila University, 1996.
2. <i>Pambungad sa Metapisika</i> . Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1991.
3. <i>Mga Sinaunang Griyego</i> . Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1992.
4. <i>Pilosopiya ng Relihiyon</i> . Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1995.
5. Patnugot. <i>Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko</i> . Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1979.
<b>MGA ARTIKULO</b>
1. “The Pax Romana Conference: I. The Great Religions.” Conference Report. <i>Philippine Studies</i> 8, no. 2 (1960). 362-369.
2. “A Memoir of Six Years.” <i>Philippine Studies</i> 22, nos. 3-4 (1974). 338-345.
3. “Insight.” In <i>Philosophy of Man Selected Readings</i> , ed. Manuel B. Dy Jr., 3-6. Quezon City: Goodwill Trading, 1986.
4. “Pambungad sa Eros.” Introduction to <i>Eros, Thanatos, Cubao</i> by Tony Perez. Mandaluyong: Cacho Publishing House, 1994.
5. “Pambungad sa Thanatos.” Introduction to <i>Eros, Thanatos, Cubao</i> by Tony Perez. Mandaluyong: Cacho Publishing House, 1994.
6. “Fr. W. Norris Clarke, S.J.: Heswitang Metapisiko.” Transcript of a Lecture. In <i>Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.</i> , ed. Nemesio S. Que, S.J. and Agustin Martin G. Rodriguez, 265-283. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1997.
7. “Ilang Nota: Etika.” Lecture Notes. In <i>Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.</i> , ed. Nemesio S. Que, S.J. and Agustin Martin G. Rodriguez, 265-283. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1997.
8. “Tatlong Mukha ng Confucianismo.” An Address for the Philosophy Circle of the Philippines, July 9, 1989. In <i>Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.</i> , ed. Nemesio S. Que, S.J. and Agustin Martin G. Rodriguez, 265-283. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1997.

9. "Theological Aspects of Cultural Adaptation." In <i>Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.</i> , ed. Nemesio S. Que, S.J. and Agustin Martin G. Rodriguez, 265-283. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1997.
10. "Anniversary Message on the 59 <sup>th</sup> Year of My Priesthood." <i>The Windhover</i> XV, Vol.4 (2013): 27.
11. "Teaching Philosophy." In <i>Philosophy Manual: A South-South Perspective</i> , 140-141. Morocco: UNESCO, 2014.
<b>MGA REBYU</b>
1. "Satyagraha." Review of <i>Conquest of Violence: The Gandhian Philosophy of Conflict</i> , by Joan V. Bondurant. <i>Philippine Studies</i> 7, no.4 (1959). 504-509.
2. "Volume One of <i>Asian Culture</i> ." Review of <i>Asian Culture</i> , a quarterly journal published by the Vietnamese Association for Asian Cultural Relations. <i>Philippine Studies</i> 8, no. 2 (1960). 408-409.
3. "Christians under Stress." Review of <i>The Age of Martyrs: Christianity from Diocletian to Constantine</i> , by Giuseppe Ricciotti, trans. Anthony Bull. <i>Philippine Studies</i> 8, no.2 (1960). 473-474.
4. "Chat with a Philosopher." Review of <i>Le philosophie et la theologie</i> , by Etienne Gilson. <i>Philippine Studies</i> 10, no.2 (1962). 322-325.
5. "Medieval Theocracy." Review of <i>La theocratie. L'Eglise et le pouvoir au Moyen Age</i> , by Marcel Pacaut. <i>Philippine Studies</i> 10, no.2 (1962). 326-327.
6. Review of <i>Sources of Indian Tradition</i> , comp. Wm. Theodore de Bary, Stephen N. Hay, Royal Weller et al. <i>Philippine Studies</i> 10, no. 3 (1962). 487-498.
7. "Old Myths Re-imagined." Review of <i>Indian Tales</i> , by Jaime de Angulo. <i>Philippine Studies</i> 11, no.1 (1963). 174-175.
8. "Advice from Eccentrics." Review of <i>We Neurotics: A Handbook for the Half Mad</i> , by Bernard Basset, S.J. <i>Philippine Studies</i> 11, no.1 (1963). 176-177.
9. "Sixty-year Old Classic." Review of <i>A Guide to the Thought of St. Augustine</i> , by Eugene Portalie, S.J, trans. Ralph J. Bastian, S.J. <i>Philippine Studies</i> 11, no.1 (1963). 184-189.
10. Review of <i>Vedanta: An Anthology of Hindu Scripture, Commentary and Poetry</i> , ed. Clive Johnson. <i>Philippine Studies</i> 21, nos. 1-2 (1973). 240.
11. "Sketching What is Not Looked At." Review of <i>The Christianization of the Philippines: Problems and Perspectives</i> , by Miguel Bernad, S.J. <i>Philippine Studies</i> 21, no.4 (1973). 498-500.
12. "Let Us Put Our Books Away." Review of <i>The Status of the Individual in East and West</i> , ed. Charles A. Moore, <i>Tiruray Justice</i> , by Stuart A. Schlegel, <i>Adventure in Vietnam</i> , by Miguel A. Bernad, S.J., and <i>Tuwaang Attends a Wedding</i> , by E.A. Manuel. <i>Philippine Studies</i> 23, nos. 1-2 (1975). 223-227.
13. Review of <i>Reinventing the Filipino Sense of Being and Becoming</i> , by Arnold Molina Azurin. <i>Kinaadman</i> 19, no.1 (1997). 169-171.

Talahanayan 1: Mga Akda ni Roque Ferriols Batay sa Paglilista nina  
Roy Allan B. Tolentino, Jefferson M. Chua, at Noel Clemente

Matapos nating mailista ang mga akda ni Ferriols, dalumatin naman natin ang kanyang mundong pilosopikal gamit ang pamamaraan at taksonomiyang iminungkahi ni F.P.A. Demeterio. Sa kanyang papel na may pamagat na "Status and Directions for 'Filipino Philosophy' in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co," nagbanggit siya ng labing-anim (16) na diskurso sa Pilosopiyang Filipino base sa mga pagmumuni-muni ng mga dalubhasa at dalubgurong kanyang inusisa. Ang

mga nasabing diskursong ito sa “Pilosophiyang Filipino” ay (1) grassroots/folk philosophy, (2) lecture on scholasticism/Thomism, (3) lecture on other foreign systems, (4) critical philosophy as non-academic discourse, (5) application of logical analysis, (6) application of phenomenology/ existentialism/ hermeneutics, (7) critical philosophy as an academic method, (8) appropriation of foreign theories, (9) appropriation of folk philosophy, (10) philosophizing with the use of the Filipino language, (11) textual exposition of foreign systems, (12) revisionist writing, (13) interpretation of Filipino worldview, (14) research on Filipino values and ethics, (15) identification of the presuppositions and implications of the Filipino worldview, and (16) study on the Filipino philosophical luminaries.<sup>2</sup> Tingnan ang balangkas ng nasabing labing-anim na mga diskurso sa Pigyur 1.



<sup>2</sup> F.P.A. Demeterio, “Status and Directions for ‘Filipino Philosophy’ in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co,” in *Φιλοσοφία: International Journal of Philosophy*, 14:2 (2013), 208.



Pigyr 1: Ang Labing-Anim na Diskurso ng Pilosopiyang Pilipino ni F.P.A. Demeterio

Sa konteksto ng kasalukuyang papel na naglalayong mag-ulat ng naiambag ni Roque Ferriols sa pamimilosopiyang Filipino base sa kanyang mga naisulat, hindi natin magagamit ang unang apat (1-4) na diskurso mula sa iskema ni Demeterio. Una, ang *grassroots* o *folk philosophy* ay kailangang tanggalin sapagkat malinaw na bilang propesor ng pilosopiya walang kaugnayan ang diskurso sa mga akda ni Ferriols. Pangalawa, ang kategoryang *lecture on scholasticism/Thomism* ay hindi rin kasama sapagkat nakatuon ang ating pag-aaral sa mga nailathalang obra. Pangatlo, ilalaglag din ang kategoryang *lecture on other foreign systems* sa katulad ng nasabing dahilan sa pangalawa. At pang-apat, dahil akademiko ang konteksto ng diskurso ni Ferriols, hindi rin papasok ang kategoryang *critical philosophy as non-academic discourse*. Samakatuwid, labing-dalawang (12) diskurso lamang ang ating magagamit upang suriin ang klase ng diskurso mayroon ang mga akda ni Ferriols. Ipinakita sa Talahanayan 2 kung anu-ano at ilan ang porsyento ng mga akda ni Ferriols ang tumugma sa taksonomiya ni Demeterio.

Taksonomiya ni Demeterio	Pamagat ng akda ni Ferriols	Bilang ng akda	Porsyento
Logical Analysis		0	0.0%
Phenomenology/ Existentialism/ Hermeneutics	<i>Pambungad sa Metapisika, Pilosopiya ng Relihiyon, Mga Sinaunang Griyego, Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko, The "Psychic Entity" in Aurobindo's The Life Divine, "Insight," "A Memoir of Six Years," "Pambungad sa Eros," "Pambungad sa Thanatos," "Fr. W. Norris Clarke, S.J.: Heswitang Metapisiko," "Teaching Philosophy"</i>	11	36.6%
Critical Philosophy		0	0.0%
Appropriation of Foreign Theories	<i>The "Psychic Entity" in Aurobindo's The Life Divine, Pambungad sa Metapisika, Mga Sinaunang Griyego, Pilosopiya ng Relihiyon, Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko, "Fr. W. Norris Clarke, S.J.: Heswitang Metapisiko," "Tatlong Mukha ng Confucianismo"</i>	7	23.3%
Appropriation of Folk Philosophy		0	0.0%
Philosophizing using the Filipino Language	<i>"Interview by Leovino Ma. Garcia," The "Psychic Entity" in Aurobindo's The Life</i>	11	36.6%

	Divine, <i>Pambungad sa Metapisika, Mga Sinaunang Griyego, Pilosopiya ng Relihiyon, Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko</i> , "Fr. W. Norris Clarke, S.J.: Heswitang Metapisiko," "Tatlong Mukha ng Confucianismo," "Pambungad sa Eros," "Pambungad sa Thanatos," "Ilang Nota: Etika"		
Exposition of Foreign Systems		0	0.0%
Revisionist Writing		0	0.0%
Interpretation of Filipino Worldview		0	0.0%
Research on Filipino values and Ethics		0	0.0%
Identification of the Presuppositions & Implications of the Filipino Worldview		0	0.0%
Study on the Filipino Philosophical Luminaries		0	0.0%

Talahanayan 2: Mga Pamagat, Bilang, at Porsyento ng mga Akda ni  
Ferriols sa Bawat Diskurso ng Pilosopiyang Pilipino Ayon kay  
F.P.A. Demeterio

Mula sa ating paglalatang ng mga akda ni Ferriols base sa taksonomiya ni Demeterio, makikita ang tatlong pangunahing diskurso ni Ferriols. Ito ay *phenomenology/existentialism/hermeneutics* (36.6%), *philosophizing using the Filipino language* (36.6%), at *appropriation of foreign theories* (23.3%). Samantalang walang nailathala si Ferriols sa mga diskurso ng *logical analysis, critical philosophy, appropriation of folk philosophy, exposition of foreign systems, interpretation of Filipino worldview, research on Filipino values and ethics, identification of the presuppositions & implications of the Filipino worldview, at study on the Filipino philosophical luminaries.*

### Ang Proyektong Pilosopikal ni Ferriols: Pagmumulat sa Karanasan

Binubuo raw ng kahuhulugan (*telos*) ang pag-iisip ng isang pilosopo. Dito nakasentro ang uring pamimilosopiya at mga tanong na nais sagutin ng isang pilosopo. Tawagin natin itong "proyekto." Ang salitang "proyekto" ay



galing sa salitang Latin na may kaugnayan sa mga bagay-bagay na nakatapon sa hinaharap. Ano ang prinoprojekto ni Ferriols? Sa kanyang pamimilosopiya, saan niya gustong makarating ang landas na kanyang tinatahak?

Sa isang liham na ipinadala ni Ferriols sa isa sa mga nauna niyang naging estudyante sa pilosopiya, makikita natin ang tunay na pagtingin niya sa pilosopiya. Kwento ni Ferriols sa kanyang estudyante, "I think the Ethics course is the most challenging. To give a course that will enable the student to **realize (mamulatan-matauhan)** the basics of ethics: e.g., that there is such a thing as **intrinsically human** – that even if we cannot define this clearly, we can truly 'see' it or have a **kagat** to it."<sup>3</sup> Ang gawaing pamimilosopiya para kay Ferriols ay ang walang-hanggang-pagtatangka ng isang tao na magtanong at unawain ang kanyang karanasan sa Meron<sup>4</sup> upang kahit paano ay matanaw ang katotohanan (sa isang magalang na paraan). Ibig sabihin,

---

<sup>3</sup> Leovino Ma. Garcia, "Meron Philosopher: Fr. Roque J. Ferriols, S.J.," in *Budhi: A Journal of Ideas and Culture*, 14: 2-3 (2010), 47.

<sup>4</sup> Ang mga mambabasa na hindi sanay sa pilosopiya ay kailangang bigyan ng paliwanag na mahilig talagang mag-imbento ng mga salita ang mga pilosopo. Subalit kailangang linawin na ang pag-iimbentong ito ay hindi pa rin imbentong-imbento na para bang sila talaga ang gumawa nito. Kalimitan, ginagamit nila ang isang lumang kataga upang magpasimula ng panibagong pagpapakahulugan. Ang *Dasein* ni Martin Heidegger, halimbawa, ay hango sa dalawang kataga na dati nang ginagamit sa wikang Aleman. *Da* na may katumbas na kahulugang "dito" o "doon" at *Sein* na ibig sabihin ay pag-iral. Inimbento ni Heidegger ang katagang *Dasein* bilang pantukoy sa penomenon ng pag-iral ng tao kung saan laging nangyayari sa isang konteksto. Samakatuwid, maaari nating patawan ng kahulugan ang inimbentong katagang *Dasein* bilang "pag-iral doon" o "pag-iral dito". Nag-iimbento ng kataga ang mga pilosopo hindi upang pahirapan ang mga mambabasa. Sa halip, dapat nating maunawaan na ang pag-iimbento ng kataga ay isang udyok ng pag-iisip. Nasabi natin kanina na hindi naman bagong-bago ang naiimbentong kataga. Nabigkas na ito matagal na, subalit ginagamit sa panibagong pag-unawa. Kung бага, binubuhay ang naaagnas na kahulugan ng lumang kataga at ginagamit sa konteksto sapagkat iyan ang hinihingi ng pag-uunawa. Humihingi ang mga namimilosopiya ng pagkakataon para sa isang sariwang pag-uunawa. Ganito rin ang paggamit ni Ferriols sa katagang "meron" bilang pantukoy sa mga bagay na may talagang pag-iral. Karaniwan itong ginagamit bilang maikasing porma ng salitang "mayroon". Subalit, natuklasan niya sa karaniwang salita na ito (may, maryoon, meron) ang isang katutubong pagkamulat sa talagang totoo. Lahat nang bagay na nakatalaga o may tiyak na pagpreprensiya ay matatawag nating meron. Samakatuwid, masasabi nating karga-karga ng salitang "meron" ang pagkanarito o pagiging isang ganap. Meron ang papel na hawak-hawak mo ngayon habang binabasa ang artikulong ito, halimbawa, sapagkat mayroon itong tiyak na pag-iral. Totoo ang meron o narito ang meron kaya siya napapag-usapan, napag-iisipan, at nararananasan. Sa kanyang *Pambungad sa Metapisika*, ipinaliwanag ni Ferriols, "Ano ang meron? Magturo ka nga at magpahiwatig; nguni't ibang uring pagturo at pagpahiwatig. Sapagka't walang makapagbubukas ng landas nang makapasok ako sa abot tanaw ng meron dahil nasa loob na, pinapaligiran na ako at tinatablan, binubuhay at inaakit ng meron. Walang labas ang abot tanaw ng meron; o, kung gusto mo, walang tunay na labas ang meron. Ang maaari lamang mangyari ay baka *matauhan* na nasa meron na nga pala ako. At magtataka ako na lalo pala itong mahiwaga kaysa inaakala ko" See Roque J. Ferriols, *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: BlueBooks, 2014), 15. The italics are mine.

hindi tayo natatapos mamilosopiya at hindi rin natatapos ang pilosopiya sa atin. Ito marahil ang dahilan kung bakit binansagan ng matematikong si Pythagoras ang mga nagsasabuhay ng ganitong gawain bilang “mangingibig ng karunungan.” Ang isang mangingibig ay hindi napapagod na alamin ang iba’t ibang mukha ng pagkatao ng kanyang minamahal.

Ngunit kahit na likas sa ating mga tao ang kahiligang magtanong at umunawa, bukas din ang posibilidad na mahulog tayo sa katamaran at tignan ang Meron sa paraang awtomatiko. Kung talagang nakikinig tayo kay Ferriols, ginigising niya tayo at binibigyan ng babala na delikadong bisyo ang hindi pag-iisip. Malinaw na binigkas ni Ferriols na wala sa intensyon niyang bumuo ng isang partikular na uri ng pilosopiya. Kaugnay nito, sinabi niya,

Kung talagang nais ng isang taong mamilosopiya, ang hinahanap niya ay ang totoo na nagpapakita sa kanya. At gagamitin niya ang anumang makatutulong sa paghanap sa totoo. Kung ang pinag-aabalahan niya’y Pilipino ba ako? o Instik? o Indian? o kung ano? Hindi na siya namimilosopiya. Lalabas siyang gaya ng taong tingin nang tingin sa salaming walang katapusang pagkabagabag na baka hindi siya mukhang Pinoy.<sup>5</sup>

Hindi ibig sabihin na masama ang paggalugad sa Pilosopiyang Pilipino. Para kay Ferriols, nakapaloob ang proyektong ito sa “tanong sa Meron.” Isang nibel lamang ng sangkameronan ang paghahanap sa Pilosopiyang Pilipino. Kung itatanong “meron bang Pilosopiyang Pilipino?” Ewan! Baka! Nakabitin ang sagot. Itinuturo muna ni Ferriols ang uring pag-iisip na bukas sa nagpapakita. Kung saan tayo dadalhin noon ay hindi pa rin niya alam.

Mas mahalaga kay Ferriols ang pagiging mulat sa karanasan kaysa pagbubuo ng Pilosopiyang Pilipino. Malinaw niyang ipinaliwanag, “*When I try to philosophize in [F]ilipino, it is with intent to live and to help awaken other people into living.*”<sup>6</sup> Hindi sinasabi ni Ferriols na tagabunyag siya ng lahat ng katotohanan. Mas mainam sabihin na proyekto ni Ferriols ang gisingin ang kanyang mambabasa upang gamitin ng mga napukaw ang kanilang kakayahang dumanas, magmasid, mangilatis, at gumanap sa katotohanan. Palagi nga raw may trabaho ang “bangaw” na nangganggalang Sokrates, ayon kay Ferriols.

---

<sup>5</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 234.

<sup>6</sup> Roque J. Ferriols, “A Memoir of Six Years,” in *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.*, ed. by Nemesio Que and Agustin Martin G. Rodriguez (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1977), 217.

Ginugulat tayo ni Ferriols sa dinamismo ng Meron bilang walang hanggang dinamismo. Sa kanyang *Pambungad sa Metapisika*, inilarawan niya ang metapisika bilang pintuan ng pagmumulat kung ano nga ba ang maging tao. Dahil lahat tayo ay bahagi ng tinatawag ni Ferriols na “sangameronan,” ang pagkamulat mo rito ang susi upang makilala mo ang iyong pagkatao. Sa mga pagninilay ni Ferriols tungkol sa langgam, puno, taxi driver, pagtatampisaw sa tubig, atbp. (parating mahalaga ang “at iba pa”), kinakalabit niya ang kanyang mga mambabasa upang ituon ang kanilang atensyon sa mga ordinaryong bagay na mas madalas pa sa malimit ay hindi binibigyan ng atensyon. Sa puntong ito, kailangan nating linawin ang kahalagahan ng pagbaling ni Ferriols sa wikang Filipino. Bakit nasa wikang Filipino ang kanyang mga akda? Ano ang nakita niyang potensyal nito bilang behikulo na makapagdadala sa atin sa kanyang nilalayan na uring pamimilosopiya? Pag-usapan natin ito sa susunod na seksyon.

### Wika Bilang Potensyal

Sa kalagitnaan ng dekada 60, unti-unting umusbong sa damdamin ng mga pulitiko at taong simbahan ang masidhing kagustuhang gamitin ang wikang Filipino. Nanatiling wika ng mga “matatalino” at “kagalang-galang” ang wikang Ingles, ngunit matindi ang hamon ng panahon na mag-Filipino, salitain ang wika ng ordinaryong tao. Kauganay nito, wika ni Ferriols, “*When respectable people can talk Tagalog in public as badly as I do and be applauded for it, it must be high time for me to speak Tagalog in public without having to fear the censorious eyes of some pure Bulakanese.*”<sup>7</sup>

May kahirapan ang pagsisimula ng ganitong adhikain. Nariyan nang mabansagang “experimental” ang mga klase ni Ferriols. Ngunit napakahalaga at napakalaki ng hakbang na ginawa ni Ferriols sa paggamit ng wikang Filipino sa pilosopiya. Unang-una, naipakita nito na kaya palang mamilosopiya sa wika ng karaniwang tao. Ano ang nakita ni Ferriols sa paggamit ng wikang Filipino? Maging si Alfredo Co ay umaming marami nang guro sa pilosopiya ang nawalan ng ganang ituro ang pilosopiya sa wikang Filipino maliban kay Ferriols.<sup>8</sup> Hindi kaya korning-korni sa pandinig ng mga sosyal ang paggamit ng wikang Filipino?

Sa isang liham na ipinadala ni Ferriols kay Leovino Ma. Garcia, ipinaalala niya dito na ang isang bagay na karapat- dapat gawin ay karapat-dapat gawing mabuti. Ibinalita ni Ferriols, “This year [1969] I have an experimental project of teaching one class in Junior year and another in Senior

<sup>7</sup> *Ibid.*, 215.

<sup>8</sup> Alfredo P. Co, “Doing Philosophy in the Philippines: Fifty Years Ago and Fifty Years From Now,” in *On Postmodernism: Two Filipino Thomasian Philosophers*, ed. Romualdo E. Abulad (Manila: UST Publishing House, 2004), 11.

year the core curriculum with Pilipino as the medium of instruction and discussion. The texts and readings are still in English. *Here with all joy I will do badly what is worth doing well* [emphasis supplied]. And who knows, might not joy change the doing badly into well done in the end?"<sup>9</sup> Napakahalaga nitong paggamit ng sariling wika para kay Ferriols. Sa paggamit natin ng wikang batay sa atin mismong karanasan, pinapalaya rin raw natin ang ating damdamin, binibigkas natin ang kakornihan at kalaliman ng ating pagkatao. Para kay Ferriols, may mga bagay na korning-korni pero importanteng-importante. Kabilang dito ang paggamit ng wikang nagpapalaya. Hindi niya sinasabing wikang Filipino lamang, sapagkat hindi rin baog ang ibang wika.

Dito importante ang mga teksto ni Ferriols na sinusubukang isalin ang mga orihinal na teksto na nasa Griyego. Kahit sa kanyang pagsasalin, sinusubukan niyang makisabay sa pag-iisip nina Parmenides, Heraclitus, Sokrates, at iba pang pilosopo. Kahit na sa kanyang pagsasalin, pinapalaya pa rin niya ang mga teksto at ginugulat pa rin niya ang mga mambabasa sa yaman ng mga kataga. Kaya nga potensyal ang kataga. Masasalamin sa wika ang katotohanan sapagkat, ayon kay Ferriols, "...taglay ng bawat wika ang kapaitan at pananabik ng paghabol sa katotohanan: paghabol ng mga unang naghubog at ng mga sunod na gumamit sa wikang iyon."<sup>10</sup>

Kaya nga, dapat danasin ang mga kataga ng mga taong gumagamit at umuulit nito. Ang mga kataga ang ekspresyon ng samu't saring karanasan ng tao sa daigdig. Kaya marahil ito ay tinawag na "kataga"; kasama ito sa ating "pagkaka-tag" o pagkakababad sa mundo. Nagdudulot ng sugat at pagkakahati ang isang "taga." Kaya minsan sinasabihan natin ang isang na tao na "masakit kang magsalita" sapagkat ikaw ay "nataga" ng kanyang mga sinabi. Pero ang wika rin ay nagpapalaya. Kumakawala ang mga kaisipan sa pamamagitan ng mga kataga. Kung dadanasin lamang talaga natin at gagamitin ang katagang nagpapalaya, sisibol ang mga kaisipan. Kaugnay nito, sinabi ni Ferriols, "Kung gagamit ka ng isang wika, 'yung mismong wika ang huhubog sa iyong isip.... Kung gagamitin mo 'yung salita ng mga tao—halimbawa, kung gamitin mo ang wika ng mga taong taga-Maynila, dahil taga-Maynila ka rin—kahit na hindi mo sinasadya, mangyayari na makahuhubog ka ng isang pagtingin, isang pagmumulat, isang uri ng pagtanong, isang uri ng paghanap ng bago."<sup>11</sup>

Paano dinadanas ang wika? Walang eksaktong patakaran. Nalalaman na lamang niya ang paraan sa pamamagitan ng pagsasagawa. Halimbawa raw sa larong beysbol. Tinatawag nating magaling na manlalaro ang nakapagpatama ng tatlong daang beses. Palibhasa'y bihira ang

<sup>9</sup> Garcia, "Meron Philosopher," 8.

<sup>10</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 234.

<sup>11</sup> Leovino Ma. Garcia, "An Interview with Roque J. Ferriols, S.J.," in *University Traditions: The Humanities Interview* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2005), 182.

makagagawa nito. Alam rin natin na dumaan sa matinding pagsasanay ang nakagagawa nito. Sa pagsasanay, mas malamang na marami rin siyang beses na pumaltos. Ganyan rin daw sa pagdanas ng mga kataga. Lumalalim ang ating kaalaman sa wika sa paggamit nito. May mga pagkakataon ng pagpaltos, pero bahagi ito ng pagdanas. Hindi nga natin malalaman kung ano ang meron sa kailaliman ng dagat kung hindi natin personal na sisisirin. Ganito rin ang wika. Malalim ang mga ito. Kailangan lamang itong danasin at sisirin hindi upang ilagay sa isang garapon at gawing mistulang tropeyo na maipagayabang. Ang gawaing ito ay bahagi ng ating pagpapakatao. Isa itong gawain ng isang taong nagsisikap mabuhay sa katotohanan, sang-ayon kay Ferriols. Sabi pa niya:

Ganito ang pag-uulit sa wika: hanapin, gisingin, pairalin ang pagtataka, ang mapaglikhang pagkalito na nakatago sa mga katagang buod. Magiging bago at sariwa muli ang wika. Matutuklasan ng umuulit na ang wika ay potensyal sa pag-unawa at paglikha sa meron. Magiging bago at sariwa ang pakikihalubilo sa meron ng taong umuulit sa anomang wika.<sup>12</sup>

Kaya nga, maaaring sabihing “sosyal” at kontra-sosyal ang paggamit ni Ferriols ng wikang Filipino. Sa isang banda, sosyal dahil buhay ang pangangailangang lumubog sa karanasan ng mga gumagamit ng wika. Bahagi nito ang pagsisikap manirahan sa bayan ng katotohanan. Ginamit ni Ferriols ang katagang “katoto” bilang pantukoy sa kapwa, ibig sabihin mga kasama sa katotohanan. Sa kabilang banda naman, kontra-sosyal dahil itinataas niya sa nibel ng epistemolohiya ang wikang Filipino. Kung tutuusin, kayang-kayang makipagtalastasan ng mga estudyante ni Ferriols sa Ateneo sa wikang Ingles. Kung ang layunin lamang ni Ferriols ay matuto sila ng mga konsepto ng napakaraming pilosopo, hindi na kailangang gumamit ng wikang Filipino. Ngunit makukutuban nating may aspektong pulitikal ang paggamit ni Ferriols ng wikang Filipino. Nakikita niyang potensyal ang wika upang basagin ang pader na naghihiwalay sa mga mayayaman at mahihirap. Hindi ito upang sabihing “imperyalista” ang wikang Ingles. Sabi nga ni Ferriols, hindi naman niya paborito ang wikang Filipino. Lahat ng wika ay may potensyal kung matatalaban tayo nito. Ngunit kung ipagpipilitan ko lamang ang wikang alam ko, baka ako magyabang-yabangan at sabihing ako lamang ang edukado, at taga-bundok silang lahat. Sa paggamit niya ng wikang Filipino sa pamimilosopiya, nakikita niya itong potensyal upang

---

<sup>12</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 41.

gawing lehitimo ang isang ordinaryo at hamunin tayong danasin, kilatisin, at patalabin ang mga ito sa ating pagkatao.

### **“Danas-Masid-Kilatis” Bilang Pamamaraang Pilosopikal**

Malinaw sa mga naisulat ni Ferriols na wala talaga siyang intensyon na bumuo ng isang klase ng pilosopiya na masasabing Pilipino. Basta namimilosopiya lamang siya at bahala na ang kanyang mambabasa na magsabi kung Pilipino ba ito o hindi. Patunay dito ang kawalan niya ng libro o artikulo sa temang Pilosopiyang Filipino. Tungkol dito sinabi niya, “Tinutulad ko si Descartes. Hindi niya sinabing French philosophy. O si Kant, hindi niya sinabing German philosophy. Basta namimilosopiya sila.”<sup>13</sup> Subalit, hindi naman ibig sabihin nito ay bara-bara o wala namang pamamaraan ang pamimilosopiya ni Ferriols. Ang pinakamahalaga sa kanyang pamamaraang pilosopikal ay ang pagbabad sa karanasan. Ayon sa kanya, hindi dapat nakahiwalay ang nagsisiyasat sa mismong sinisiyasat. Kaugnay nito paliwanag ni Ferriols,

Kaya’t ang importante ay dumanas, magmasid, kumilatis: isang mapagdamang pag-aapuhap sa talagang meron. Hindi na ngayon kagandahan ng sariling isip, kundi kabagsikan ng hindi ko ginawa ang umiiral sa kalooban ko, at pumapaligid at tumatalab sa akin. Iyan ang unang yugto sa pagbigkas sa meron.<sup>14</sup>

Ang unang pamamaraan ng pagbigkas sa meron ay ang “paglundag sa mismong swimming pool.” Kung inuunawa mo ang paglalangoy sa tubig, lubos ang pangangailangang makipag-isa sa tubig na inuunawa. Hindi maaaring hiwalay ang diskurso ng paglalangoy sa praktika ng mismong paglalangoy. Ikaw na may pagnanais na matutunan ang galawan ng paglalangoy ang siya mismong may pangangailangang dumanas, magmasid, at kumilatis ng laro ng halo-halong dinamismo at daloy. Sa pamamagitan nito, nakikilatis niya ang mga purong konsepto. Alin ba sa mga binigkas na purong konsepto<sup>15</sup> ang talagang nakakabit sa katotohanan at alin sa mga ito ang pamparami lamang?

<sup>13</sup> Garcia, “An Interview with Roque J. Ferriols, S.J.,” 183.

<sup>14</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 112.

<sup>15</sup> Kung babalikan natin ang kinatatayang konteksto ni Roque Ferriols sa kasaysayan, namamayani noon sa pamimilosopiya sa Pilipinas ang tinatawag na Tomistikong pilosopiya. May kahiligan ang ganitong sistema na subukang gawing *clara y distincta* (malinaw at tumpak) ang mga konsepto. Pagkagaling niya sa Unibersidad ng Fordham, sa pamamatnubay ng kanyang gurong si Norris Clarke, natuklasan niya ang isang pamamaraan na pinauso ni Soren Kierkegaard na *pag-uulit* (creative repetition). Kwento ni Ferriols, “Kay Kierkegaard ito galing.

Samakatuwid, ang unang yugto ng pagbigkas sa meron (na may kinalaman sa pagdanas, pagmamasid, at pangingilatis) ay isang talaban ng pag-unawa at paggawa. Ang pag-unawa ay pinakikinis sa pamamagitan ng paggawa; gayundin naman ang paggawa ay pinakikinis ng pag-unawa. Hindi maaaring pag-hiwalayin ang dalawa kung ayaw mong maging sabog ang pagbigkas sa meron. Kaya nga, wika ni Ferriols,

Sa pag-aapuhap na ganito, ginagamit ang mga konsepto; ngunit, sapagkat ang paghihilig sa meron ang nagpapairal sa pagdanas, pagmasid at pangingilatis, hindi konsepto ang hari, kundi meron.... Ang konsepto ay kailangang maging angkop: angkop sa meron. At kung hindi angkop ay kailangang itaboy at palitan ng angkop. Sa meron.<sup>16</sup>

Kailangang magsimula sa sariling pag-unawa sa mundo sa pamamagitan ng pagkamulat at pagmamasid dito. Subalit, hindi dapat tayo makulong sa makitid nating pagpapakahulugan sa mundo. Kailangan nating lumundag at makipagsapalaran sa iba pang tumatanaw din sa mundo. Ang pakikipagsapalaran na ito ay hindi upang malaman kung sino ang pinakamagaling tumanaw at kapag nalaman kung sino ang pinakamagaling tumanaw ay iyon na ang pararangalan. Ang pakikipagsapalaran sa mundo ng iba't ibang abot-tanaw ay isang pamamaraan ng pag-angkop sa talagang totoo. At ang taong naghahangad umangkop ay kailangan ng pagkabukas. Hindi mo malalaman kung angkop ang takip ng bote, halimbawa, sa boteng dapat nitong angkopan kung wala itong pagkabukas o wala nang lugar para sa aangkapan. Kaya sa susunod na seksyon pag-usapan natin ang pagkabukas na ito at ang sinasabi ni Ferriols na “mapaglikhang katangahan.”

### Ang Pagkabukas at Mapaglikhang Katangahan

Napakahalaga at parang mahirap talagang tanggihan na ang pagkabukas ay nagmumula sa malalim na pag-unawa sa katangahan.<sup>17</sup>

---

Isa itong pagtingin sa pilosopiya tungkol sa nakaraang panahon, bilang potensyal, bilang pagpapaganap sa isang sariwa at bagong pagtanaw sa Katotohanan. Sa palagay ko parang nakikihalubilo ito sa pamimilosopiya ni Sto. Tomas, hindi bilang isang pilosopiya noong araw, pero isang palaisip na buhay hanggang ngayon. Ang isip ni Kierkegaard ay maaaring matulungan tayong mabuhay—at magkaroon ng buhay na pag-iisip—sa tulong ni Sto. Tomas. At kaya nga ang ginawa ko noong nadedestino ako ay nagturo ako ng ganito sa Ateneo de Manila.” See Garcia, “An Interview with Roque J. Ferriols, S.J.,” 185.

<sup>16</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 112.

<sup>17</sup> Sa kanyang librong *Pambungad sa Metapisika*, ang katagang “katangahan” ay ginagamit sa perspektibo ng ironiya ni Sokrates. Maaaring sabihing ang paggamit ni Ferriols ng

Magdadalawang-isip akong gawin, mag-iisip muna ulit ako bago ako kumilos, bago ako humusga, sapagkat bukas ako sa posibilidad ng aking katangahan. Subalit dahil sa ating katamaran na mamuhay nang mulat sa ating katangahan, isinasantabi ito at kumikilos na para bang alam natin ang lahat.

Napakahalaga nitong pagpapamulat ni Ferriols sa ating katangahan, sapagkat malimit tayong humanga sa ating pinanggagalingang rasyunalidad. At kapag hindi tumugma sa ating rasyunalidad, mabilis tayong magpasya at magsabing wala itong kwenta. Maaaring batay sa ating rasyunalidad, halimbawa, ay makatutulong ang isang *all-out war* upang malutas ang magulong sitwasyon sa Mindanao. Tanggap natin ito bilang makatuwiran lalo na kung hindi tayo apektado ng gyera. Parang napakarasyunal ng ating pagtingin dahil hindi tayo namumulatan na hindi natin alam ang buong katotohanan. Kung baga, ang dapat angkinin ng isang taong bumibigkas sa meron ay isang mapagkumbabang pag-amin na alanganin pa rin ang nag-iisa kong pagtingin sa mundo. Kaugnay nito, sinabi ni Ferriols,

At kapag natauhan ako na ako pala ay tanga, kaya kong bumaling sa mga alam ko at dibdibin ang pagka-tanong ng mga ito. At baka matauhan ako na ang alanganin na alam ko ay tunay pa rin na pagkagat sa meron: kapag tunay na mapagkumbaba.<sup>18</sup>

Hindi naman siguro kalabisan kung imungkahi ko na itong konsepto ni Ferriols ng pagkabukas na nanggagaling sa matinong pag-amin ng katangahan ay may elemento ng pilosopiyang kritikal. Nauulinigan ko sa bahaging ito ng pilosopiya ni Ferriols ang kaisipang malimit tinatawag na *struggle for recognition (Kampf um Anerkennung)*. Bigyan natin ng kaunting paliwanag ang konseptong ito upang mapalinaw ko pa ang aking iminumungkahi kanina.

Ang temang *recognition* (salin sa salitang Aleman na *Anerkennung*) ay nakabase sa mga naunang sinulat ni G.W.F. Hegel na mas kilala sa bansag na *Jena Writings*. Matingkad din ang usaping ito sa pilosopiya nina Herbert Mead, Charles Taylor, at Nancy Fraser. Subalit mas malapit ang pilosopiya

---

salitang “tanga” o “katangahan” ay bahagi pa rin ng kanyang pilosopikal na proyektong gisingin ang kanyang mambabasa. Siguro kung ang ginamit lamang niya sa kanyang akda ay “mangmang” baka sinabi ko lamang sa aking sarili, “Ang cute noong katagang mangmang.” Mas tumalab sa akin yung mistulang marahas na kataga, ginulat ako nito, at ako’y napaisip. Kaya masasabi nating kahit sa pagpili niya ng katagang gagamitin, mulat siya at hindi napuputol ang kanyang pilosopikal na layunin na gisingin ang ating kamalayan at dalhin ang kanyang mambabasa sa sariwang pag-iisip.

<sup>18</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 95.



ni Ferriols sa mga kaisipan ni Axel Honneth. Ang konteksto ng paggamit ni Honneth ng ideya ng *recognition* ay ibang iba sa konteksto ng paggamit ni Hegel. Sa espekulatibo at metapisikal na proyekto ni Hegel, ang terminolohiyang *Anerkennung* ay mayroong kahulugang “pagkilala.” Ang takbo ng kasaysayan, sa pananaw ni Hegel, ay isa ngang proseso ng tunggalian patungong pagkilala (*Kampf um Anerkennung*). Subalit bumaling si Honneth kay Herbert Mead upang matakasan ang determinismo ni Hegel. Sa *naturalistic pragmatism* ni Mead, binigyan ng halaga ang pakikitungo sa kapwa bilang kondisyon ng posibilidad ng pakilala ng pagka-sarili (*self-identity*). Dito, ang mga karanasang positibo at negatibo ang siyang humuhulma ng isang pagkatao. Galing sa impluwensiya nina Hegel at Mead, nakabuo si Honneth ng sarili niyang pilosopiya ng *recognition* na nakaugat sa pagkilala o pagkadama sa kinasasadlakang sitwasyon.<sup>19</sup>

Dito sa kontekstong ito kakikitaan ng elementong kritikal ang pilosopiya ni Ferriols. Sa pamamagitan ng iminumungkahi ni Ferriols na pamamaraang danas-masid-kilatis, posibleng madama (*recognition*) ng isang tao ang kakitiran ng kanyang katuwiran at naising kumawala (*struggle*) sa maling kayabangan sa pamamagitan ng palagiang pagkamulat sa kanyang katangahan. Kaugnay nito, wika ni Ferriols,

Kung ang isang tao’y makakakilos ng ganito sa kanyang kalooban, magkakaroon siya ng kakayahang pumanatag sa alam niya, habang mulat siya palagi sa kanyang katangahan. Kaya’t nawawala ang pagmamataas o pag-aakala na siya lamang ang nakakaalam. Hindi na niya kayang isipin na lahat ng mga matitino ay dapat sumang-ayon sa kanya. At mawawala sa kanyang kawalang-malay, itong madalas na nakatagong pag-aakala na lahat ng tumututol sa kanyang mga kuro-kuro ay tumututol dahil sa sila’y walang isip o kaya’y nagmamatigas ng ulo sa pagtangi sa katotohanan.<sup>20</sup>

Subalit kailangang linawin na itong pag-amin at palagiang pagkamulat sa katangahan ay hindi tinitingnan ni Ferriols bilang hadlang upang lalo pang umalam. Sa kabalintunaan, nagiging mas posible ang makaalam sa pamamagitan ng tunay at mapagkumbabang katangahan. Kaya tinatawag ko itong “mapaglikhang katangahan.” Mapaglikha ito sapagkat sa pamamagitan nito ay posible ang pagtubo ng katotohanan sa tao. Nakalilikha ang pagkaalam na kapiroso lamang ang ating pagkakagat sa katotohanan, na

---

<sup>19</sup> See Axel Honneth, *The Struggle for Recognition: The Moral Grammar of Social Conflicts*, trans. by Joel Anderson (Cambridge, Massachusetts: The MIT Press, 1996).

<sup>20</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 95.

butil-butit at kapisaso lamang ang ating pagkakagat sa meron. At sinasabi ni Ferriols na itong pagkadama (*recognition*) ang magiging dahilan upang lumabas ang tao sa makitid niyang mundo at makipagsapalaran sa rasyunalidad ng ibang tao—“...kapwa niya tanga...na nakakasagip din ng mga butil-butit at pira-pirasong katotohanan.”<sup>21</sup>

Subalit maitatanong natin sa puntong ito, paano ba madarama (*recognition*) ng mga taong mas dapat munang isipin ang kanilang makakagat na pagkain kaysa sa pangangailangang kumagat sa meron? Gayundin, paano mamumulatan ang mga taong busog na busog at para bang wala nang pangangailangang “kumagat” pa ng panibago? Anong praktikal na mapapala ng mga tao kung gagawin nilang prayoridad ang pag-aapuhap sa meron? Kabilang ba ito sa mga pangunahing pangangailangan ng tao na maihahanay sa pagkain, hangin, tubig, tirahan, masusuot, at marami pang iba (parating mahalaga ang “at marami pang iba”)?

Tungkol sa sala-salabid na katanungan sa itaas, winika ni Ferriols, “Ang ‘pagbigkas sa meron’ ay pasya at tugon na mapaglikha: itinutulak ang paglikha ng tao, binubuo ang tao, na hindi ‘nakaprogram’ upang matapos.”<sup>22</sup> Sa aking palagay, mahalaga at susi sa pag-unawa ng pilosopiya ni Ferriols itong essensiya ng tao bilang “hindi nakaprograma.” Ano ba ang ibig niyang sabihin dito?

Gumamit siya dito ng kaisipan ng mga sinaunang Griyego. Ang salitang “nakaprograma” ay nanggaling sa dalawang kataga: “gramma” (nakasulat) at “pro” (mga ginanap *muna*). Ang isang palabas ay may programa (isinulat muna) na kailangang ganapin. Hindi daw maaaring tingnan ang tao bilang may nakaprograma o mayroong nauna nang nasulat na gampanin niya. Ibang iba nga raw ang pag-iral ng tao sa mga hayop o halaman. Ang mga hayop o halaman ay para bagang sumusunod na lamang sa mga nakaprogramang daloy—ang mabuhay na patungo sa paglaho. Maaari nating sabihing ang katawang-tao ay may pagka-ganoon din, subalit nararamdaman natin sa ating kalooban ang kawalan ng pagka-nakaprograma. Nakatapon tayo sa napakaraming posibilidad na hindi maubos-ubos—isang hindi malubos-lubos na pangangailangang lumampas sa kinasasadlakang sitwasyon.

Kailangan ng taong matauhan sa katalagahang ito ng tao. Kailangan niyang maramdaman ang matinding pangangailangang makawala sa klase ng buhay na prinograma ng iba. At dahil hindi naman habambuhay ang buhay ng tao, kailangan niyang maramdaman ang masidhing pangangailangang gampanan na ito ngayon at huwag nang ipagpabukas pa. Sarili ang nakataya sa pagpiling pumasok sa danas-masid-kilatis na sinasabi

---

<sup>21</sup> *Ibid.*, 96.

<sup>22</sup> *Ibid.*, 113.

ni Ferriols. Sapagkat sarili ko at kahulugan ng buhay ko ang nakataya, ako mismo ang dapat magpasyang gawin ito. Paano ito magiging posible? Anong kondisyon ng posibilidad ng pagkawala sa makitid na hawla ng nag-iisang rasyunalidad? Ito ang tinatawag ni Ferriols na *techne* ng pagpapakatao. Bigyan natin ito ng atensyon sa susunod na seksyon.

### **Tunggalian ng Magkakaibang Katwiran bilang *Techne* ng Pagpapakatao**

Gamit ang ideya ni Norris Clarke, inilarawan ni Ferriols ang pagpapakatao bilang "...sabay na paglalalatag ng sarili sa kalawakan, pero lalo na, pagpasok sa kalaliman ng mga nilalang at sa kalaliman ng sarili. Kaya nga ang metapisika ay hindi paghahanap ng isang pambihirang impormasyon. Sinasabi lamang sa iyo, pumasok ka sa iyong sarili, at tingnan mo ang iyong dinamismo para sa lahat ng meron."<sup>23</sup> Nagsisimula sa pinakamalapit sa iyong katotohanan, sa iyong sarili, at sa pinakamalalim na katotohanan nitong sariling ito na angkop sa Meron. Ang simula mo ay ang iyong sarili bilang walang alam pero nais malaman ang totoo.

Ito ang kahusayan ng pagpapakatao na tinatawag ng mga Griyego na *techne* na may kinalaman din sa kahusayan ng mga manggagawa. Ang mahusay na pagwawalis, halimbawa, ay bunga ng maraming beses na pagwawalis at pag-unawa dito. Ang *techne* para sa mga Griyego ay pag-unawang gumagawa at paggawang umuunawa. Pero kung talagang nakikinig tayo kay Ferriols, sinasabi niyang iba't iba ang *techne* ng pagpapakatao. Ang mga abogado, magsasaka, karpentero, pulitiko, relihiyoso, hindi naniniwala sa Diyos, bakla, tomboy, gwardiya, kabataan, guro, at marami pang sektor ng lipunan ay may kanya-kanyang *techne*. Sa kani-kanilang pag-unawa-paggawa (*techne*), hindi dapat makalimutan na hindi lamang *techne* niya ang totoo. Dapat laging bukas ito sa katotohanan at handang matuto sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa iba. Kaugnay nito, paliwanag ni Ferriols,

Sapagkat ang wastong pagtingin sa anomang bagay ay nagaganap lamang sa isang abot tanaw. Iba ang kulay ng asul kapag ang abot tanaw ay pula o berde. Iba ang anyo at mismong buhay ng isang punong kahoy kapag ang kapaligiran ay kagubatan o isang matrapik na kalsada. Iba ang aking tingin sa iyo kapag tayo ay

---

<sup>23</sup> Roque J. Ferriols, "Fr. Norris Clarke, S.J.: Heswitang Metapisiko," in *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.*, ed. Nemesio Que, S.J. and Agustin Martin G. Rodriguez (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1977), 270.

nagkatagpo sa eskwelahan o sa loob ng isang eroplano.  
*Iba ang aking pag-uunawa sa iyo kapag dinalaw kita sa iyong  
 abot tanaw kaysa kung walang-malay kitang pinilit magpakita  
 sa loob ng aking sariling abot tanaw.*<sup>24</sup>

Sa kanyang *Pambungad sa Metapisika*, nabanggit ni Ferriols ang kamalian ng antigong pilosopong si Protagoras. Sinabi daw ni Protagoras, “Pamantayan ng lahat ng bagay ang tao....”<sup>25</sup> Mistulang sinasabi ng tusong si Protagoras na kung paanong nagpapakita sa akin ang isang bagay ay iyon na ang kahulugan at katotohanan ng bagay na iyon. Relatibismo ang tinutumbok ni Protagoras. Kanya-kanya ng karanasan at samakatuwid kanya-kanya rin ng kaalaman.

Maaaring tama raw ang premise ni Protagoras—iba’t iba tayo ng nadarama o karanasan sa mundo. Totoong mayroong “katotohanan” sa nadarama ng bawat indibiduwal na tao. Subalit hindi kumpleto itong nadarama at nalalaman ng tao. Ang isang taong gumagalaw sa katotohanan ay kailangang gumalaw at hindi makulong na lamang sa kanyang pinanggagalingang rasyunalidad. May udyok sa taong talagang sumusunod sa katotohanan na makipagtalaban sa ibang kaisipan.

Dito ginamit ni Ferriols ang kwento ni Platon tungkol kay Sokrates at Theaitetos.<sup>26</sup> Ayon sa pag-uulat ni Platon, may tagpo sa buhay ni Sokrates na nakipagkapuwa-tanong-sagutan (dialektiko) ito kay Theaitetos. May takot daw itong si Theaitetos na pumasok sa ganitong klaseng usapan kaya sinabihan siya ni Sokrates na buoin at lakasan ang loob. Bilang “hilot,” kinakikitaan ni Sokrates itong si Theaitetos ng pagdadalantao. Mayroon itong kakayanang manganak ng katotohanan, ngunit nasa puntong nagdaramdam pa lamang. Subalit ang talagang sinasabi ni Ferriols dito ay ang pagiging delikado ng pagkakaroon ng saradong mundo. Dahil nga hindi purong-puro ang naipapanganak na katotohanan ng isang tao, kailagan niyang makipagsapalaran sa ibang katwiran upang mas mapakinis pa ang kanyang nalalaman. Kailangang ilagay sa analisis. Instrumento ang analisis upang makilatis kung talagang katotohanan ang naging bungang-isip.

Inihahalintulad ni Ferriols ang mga tao sa modernong panahon kay Theaitetos na natatakot pumasok sa diskurso tungkol sa pag-uunawa. Malimit ayaw na nating makipagdiskurso dahil kontento na tayo sa hawla ng ating nag-iisang rasyunalidad. Subalit kung lalakasan lamang natin ang ating loob, bubuoin ang ating kalooban, bubuksan ang ating isipan sa katwiran ng

---

<sup>24</sup> Roque J. Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, c1995), 2. The italics are mine.

<sup>25</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 71.

<sup>26</sup> See *Ibid.*, 65-82.

ka-iba, at papasok sa diskursong hindi mapagmaneobra, malamang mayrong mga bagong bungang isip tayong makukuha.

### Isang Paglalagom

May ilang mahahalagang puntos sa pilosopiya at pamimilosopiya ni Ferriols ang maaari nating bigyan ng pansin.

Una, malimit tinitingnan ang mga akda ni Roque Ferriols sa larangan ng metapisika at pilosopiya ng tao. Subalit sa ginawa nating eksposisyon at eksplorasyon sa kaisipan ni Ferriols, marami pang ginto ang naghihintay mahukay dito. Ang pamamaraang danas-masid-kilatis na nagnanais magdala sa tao sa pagkadama (*recognition*) ng kanyang katangahan at matinding pangangailangang makipagsapalaran sa katuwiran ng ka-iba sa kanya ay isang napakahalagang ambag ni Ferriols sa pilosopiya. Ang kanyang pilosopiya ng pagpapakatao ay nagtuturo ng kahalagahan ng pagiging isang kritikal na tao—kritikal na Pilipino.

Pangalawa, makatutulong din ang pilosopiya ni Ferriols upang maunawaan natin ang panahong mayroon tayo ngayon—ang panahon ng pluralismo. Sa aking pananaw, hindi ito tinitingnan ni Ferriols bilang negatibo, sa halip isa itong reyalidad ng ating mundo. Kaya napakahalaga at napapanahon ang pilosopiya ni Ferriols lalong-lalo na sa mga nananaliksik sa larangan ng diyalogo na hindi nagnanais bumuo ng kaisahan. Mayroong mga sibol sa pilosopiya ni Ferriols na maaaring makatulong sa usapin ng *religious pluralism* at *religious dialogue*.

Pangatlo, maaari din nating tingnan kung paano titindig sa mga tunay na usaping panlipunan ang pilosopiya ni Ferriols. Anong masasabi ni Ferriols sa problema ng dominasyon na nagreresulta ng pagsasantabi sa boses ng maliliit? Paano mauunawaan ang negatibong epekto nito gamit ang pilosopiya ni Ferriols na nagsisimula sa pagmumulat ng masalimuot na dinamismo ng tao? Anong klaseng lipunan ang meron tayo ngayon kung saan nagiging posible ang kawalan ng pagkadama sa pangangailangan ng tao? Anong mga institusyon ng kultura ang nagpapatakbo ng ganitong klase ng sikolohiya?

Pang-apat, mahalaga ang ginawang hakbang ni Ferriols na paggamit ng wikang kauna-unawa sa ordinaryong mamamayan. Naipakita niya ang potensyal ng wika na maging daan ng pagkilala natin sa ating sarili mismo. Ngunit, kapag pinag-uusapan ang papel ng wika sa pamimilosopiyang Filipino, dapat rin nating tandaan na ito ay hindi lamang tumutukoy sa katutubong lenggwahe. Sabi nga ni Ludwig Wittgenstein, maging ang pilosopiya mismo ay “wika” rin. Walang dudang tagumpay si Roque Ferriols sa paggamit ng katutubong lenggwahe sa kanyang pamimilosopiya ngunit hindi tayo nakatitiyak kung ganito rin ang masasabi natin sa kanyang

paggamit ng pilosopiya bilang wika. Saan ba dinala ng diskurso ni Ferriols ang pamimilosopiyang Filipino? Nakalikha ba ito ng mga bagong usapin o katanungan sa mga sumunod na henerasyon ng mga mag-aaral at mananaliksik sa pilosopiya? Bukod sa mga pagtatangkang isiwalat ang maranghang ontolohiya ng Meron gamit ang matulaing istilo ng pamimilosopiya ni Ferriols (na wala naman sigurong masama), ano pang mga pilosopikal na pagsisiyasat ang maaari nating buksan mula sa mga ito?

*Department of Philosophy, University of Santo Tomas, Philippines.*

## References

- Co, Alfredo P., "Doing Philosophy in the Philippines: Fifty Years Ago and Fifty Years From Now," in *On Postmodernism: Two Filipino Thomasian Philosophers*, ed. by Romulado E. Abulad (Manila: UST Publishing House, 2004).
- Demeterio, F.P.A. III, "Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Rizal: Rejecting the Trajectory of Filipino Thomism," in *F.P.A. Demeterio's Philosophy and Cultural studies Page*, <<https://sites.google.com/site/feorillodemeterio/>>, 24 April 2015.
- \_\_\_\_\_, "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy," Keynote Lecture presented at the National Conference of the Philosophical Association of the Philippines, Ateneo de Manila University, 9 April 2013.
- \_\_\_\_\_, "Status and Directions for 'Filipino Philosophy' in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co," in *Φιλοσοφία: International Journal of Philosophy*, 14:2 (2013).
- Dy, Manuel B., Jr., "Ang Pamamaraang Penomenolohiko," in *Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko*, ed. by Roque J. Ferriols (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999).
- Garcia, Leovino Ma., "An Interview with Fr. Roque J. Ferriols, S.J.," in *University Traditions: The Humanities Interview* (Quezon City: Ateneo de Manila University, 2005).
- \_\_\_\_\_, "Meron Philosopher: Fr. Roque J. Ferriols, S.J.," in *Budhi: A Journal of Ideas and Culture*, 14: 2-3 (2010).
- Ferriols, Roque, *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: BlueBooks, 2014).
- \_\_\_\_\_, *Mga Sinaunang Griyego* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1999).
- \_\_\_\_\_, *Pilosopiya ng Relihiyon* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1995).
- \_\_\_\_\_, *Magpakatao: Ilang babasahing Pilosopiko* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1979).

- \_\_\_\_\_. "A Memoir of Six Years," in *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.*, ed. by Nemesio Que and Agustin Martin G. Rodriguez (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University 1977).
- \_\_\_\_\_. "A Cultural Adaptation," in *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.*, ed. by Nemesio Que and Agustin Martin G. Rodriguez (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1977).
- \_\_\_\_\_. "Fr. Norris Clarke, S.J: Heswitang Metapisiko," in *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.*, ed. by Nemesio Que and Agustin Martin G. Rodriguez (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1977).
- \_\_\_\_\_. "Ilang Nota: Etika," in *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.*, ed. by Nemesio Que and Agustin Martin G. Rodriguez (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1977).
- Gadamer, Hans-Georg, *Truth and Method*, 2<sup>nd</sup> Revised Edition, trans. by Joel Weinsheimer and Donald G. Marshall (New York: The Continuum Publishing Company, 1994).
- Honneth, Axel. *The Struggle for Recognition: The Moral Grammar of Social Conflicts*, trans. by Joel Anderson (Cambridge, Massachusetts: The MIT Press, 1996).
- Pada, Rolad Theuas, "The Methodological Problems of Filipino Philosophy," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 8:1 (2014), <[http://www.kritike.org/journal/issue\\_14/pada\\_june2014.pdf](http://www.kritike.org/journal/issue_14/pada_june2014.pdf)>.
- Timbreza, Florentino, *Intelektwalisasyon ng Pilosopiyang Filipino* (Manila: De La Salle University Press, 1999).
- Tolentino Roy Allan B., Jefferson M. Chua, and Noel Clemente, "Annotated Bibliography of Roque J. Ferriols, S.J.," in *Perspectives in the Arts and Humanities Asia*, 5:1 (2015).